# Bilangguan ng Pamahalaang Lokal ng Seattle

## Mga Katotohanan

*NOTA: Ang mga karagdagang impormasyon ng tala ng kasaysayan at mga detalye ay handang makuha sa www.Seattle.gov/municipaljail/*

Sa **Enero 1, 2013**, Ang King County ay hihinto sa pagtanggap ng mga may mababang krimen na preso na hinatulan mula sa alinmang lungsod sa county sa alinman sa dalawang bilangguan ng county. Pinupuwersa ng desisyon ng county ang Seattle at lahat ng iba pang mga lungsod na gumawa ng ibang kaayusan para sa mga preso. Ang mga pamalit na kama sa bilangguan ay kailangang handang magamit pagsapit ng 2013. Pinupursigi ng Seattle ang dalawa nitong opsiyon na magtamo ng bagong lugar sa bilangguan. Una, **nakikipag-usap ito sa mga nasa-silangan at hilagang mga lungsod tungkol sa pagtatayo at pamamahala sa isang bagong bilangguan nang magkasama** na magbibigay ng desisyon marahil sa katapusan ng Hulyo. Ikalawa, sinisiyasat nito ang **pagtatayo ng sarili nitong bilangguan.** Ang pinagsanib na pasilidad ay maaaring maghandog ng halos 645 na mga kama at maaaring itayo sa Seattle o sa North o East King County. Kakailanganin ng pang-Seattle lamang na bilangguan ang halos 445 na mga kama.

Binuo ng Lungsod ang mga kahilingan para sa lugar sa Regional Justice Center ng County– isang mababang gusali na pasilidad na itinuturing bilang isang modelong bilangguan. Pinaniniwalaan ng Lungsod na ang isang mababang-gusaling bilangguan ay mas maliit ang gastos para sa pagpapatayo at pangasiwaan, at pati na rin ang pagiging mas ligtas nitong pasilidad para sa parehong mga preso at kawani ng bilangguan. (Isang kasangguni ang mag-uulat ukol sa posibleng pagkakaiba sa gastos sa Hulyo.) Kinakailangan ng isang mababang-gusali ng bilangguan ang halos pitong acre. Noong simula ay kinilala ng Lungsod ang mga lugar na **malalaki ang mga sukat ng acre, malapit sa isang pangunahing arteryal** at **nasa lupaing nasona bilang pangkalakal o pang-industriya ( hindi isinama ng Lungsod ang mga sonang pantirahan)**. Sinimula sa 35 posibleng mga lokasyon, sinuri isa-isa ng Lungsod ang bawat lugar at napili ang apat bilang pinaka-praktikal:
11762 Aurora Ave. N.
1600 W. Armory Way
Highland Park Way Southwest at West Marginal Way
9501 Myers Way S.

Ang Lungsod ay nangangalap ng mga puna tungkol sa mga lugar sa pamamagitan ng isang serye ng apat na pampublikong pagpupulong:
Hunyo 26 – Machinists Hall
Hulyo 12 – North Seattle Community College
Hulyo 26 – South Seattle Community College
Hulyo 30 – Seattle Center Exhibition Hall

Ang dalawang karagdagang pampublikong pagpupulong sa katapusan ng summer o umpisa ng fall ay magpapahintulot sa komunidad na magkaloob ng mga input sa saklaw ng trabaho para sa **pahayag ng epekto sa kapaligiran.** Ang mga naninirahan ay maaari din magbigay ng kanilang mga puna sa pamamagitan ng pahina para sa komento at katanungan ng www.seattle.gov/municipaljail/ **Bago piliin ang panghuling lugar, ang Konseho ng Lungsod ay magsasagawa ng mga pagdidinig; inaasahan ang mga itong maganap sa unang bahagi ng sumunod na taon**.

Sobra sa nakalipas na sampung taon. **Ang lungsod ay nagbawas ng bilang ng mga preso na may mababang krimen ng 38 %.** At ang resulta, ang bilangguan karaniwan sa mga bahay ay mas kakaunti ng 300 sa mga preso na may mababang na mahigit sa 450 bago lamang magsampung taon. Gayunpaman, **ang batas ng pamahalaan, kailangang makulong ang mga tamg nasakdal ng mababang krimen**, katulad na mga nahatulan ng karahasan sa tahanan o kung sino ang maynoong sobra sa isa na nasakdal ng nagmamaneho sa ilalim ng impluho ng alak. Isa sa tatlo na nakablater ay dati na pinalaya o nagiba ng landas galing sa kulungan ngunit nabigo na magpakita sa korte. Samantala ana pagpipilian sa bilangguan, ay makakaapekto sa laki ng bilangguan, itong mga pag pipilian ay hindi mapapalitan ng kakulangan ng isa.

Ang **kanariwang preso gugugol ng 10 araw sa bilangguan.** Ang iba ay nakablater at pinalabas sa loob ng 48 na oras. Ang iba ay gugugol na hanggang sa isang tan. Ang mga tao ay mas madalas na nakablater sa mababang krimen nasakdal na may kaugnayan (katulad ng pagnanakaw sa tindahan). Pagmamaneho sa inpluho sa ilalim ng alak, simpling away karahasan sa bahay at kriminal na walang pahintulot.

# Mga Elemento sa Pagpili ng Lugar

Sa umpisa ng taong ito, sinimulan ng Lungsod ang pagtitingin ng mga posibleng lugar para sa mababang-gusali na bilangguan. Ang mga naunang elemento sa pagpili ng lugar ay:

- Kinakailangang matagpuan sa isang lupain na nasona bilang pangkalakal o pang-industriya;
- Naghahandog ng madaling paraan ng paggamit sa mga arteryal; at
- Kailangang malaki, o maaaring buuin mula sa mga katabing ari-arian.

Ang kabuuan ng 35 na mga lugar ay nakatugon na mga pangunahing kahilingan na ito. Pagkatapos ay pinag-aralan ng Lungsod ang bawat lugar sa pamamagitan ng paggamit ng mga karagdagang elemento na itos:

| | | |
|---|---|---|
| Sukat ng lugar | Paraang magamit ang lugar | Kaayusan ng lugar |
| Pampublikong transportasyon | Pagkakabagay sa mga kalapit na magagamit na pasilidad | Mga Geoteknikal na kundisyon |
| Mga kundisyon ng kapaligiran | Saklaw ng kasalukuyang pagpapatayo | Muling pagkakaayos ng negosyo at nangungupahan |
| | Mga isyu sa pinagtatayuan na lugar | |
| Mga gastos sa pagbili | | |

Makalipas ng pagsusuri na ito, kinilala ng Lungsod ang apat mula sa 35 na mga lugar bilang mga pinaka-praktikal:

- 11762 Aurora Ave. N.
- 1600 W. Armory Way
- Highland Park Way Southwest & West Marginal Way
- 9501 Myers Way S.

# Talaan ng mga Pangyayari

Binuo ng Lungsod ang mga sumusunod na talaan ng mga pangyayari upang mabuksan ang bagong bilangguan sa pagsapit ng Enero 1, 2013:

- Bumuo ng mga opsiyon para sa lugar at kilalanin ang mga pinipiling lugar – Enero 2008 hanggang ikalawang sankapat ng taong 2009
- Kumpletuhin ang pag-aaral sa pagiging posible ng proyekto sa mga lungsod sa Seattle/Silangang Bahagi – Hulyo 2008
- Kumpletong pagtatasa ng pagpapalagay ng gastusin para sa mababang-gusali laban sa mataas na gusali – Hulyo 2008
- Isaganap ang pangunahing pampublikong pagpupulong – Hunyo/Hulyo 2008
- Magpalabas ng isang balangkas na sumasaklaw sa paunawa para sa environmental impact statement; magtamo ng komento ng publiko – Ikatlong sangkapat ng taong 2008
- Ipalabas ang balangkas ng pahayag ng epekto sa kapaligiran– Unang quarter ng taong 2009
- Magtamo ng komento ng publiko ukol sa balangkas environmental impact statement – Unang sangkapat ng taong 2009
- Isama ang komento ng publiko sa panghuling environmental impact statement – Ikalawang sangkapat ng taong 2009
- Kilalanin ang napiling lugar – Ikalawang sangkapat ng taong 2009
- Disenyo ng Arkitektura & Inhinyerya – Ikalawang sangkapat ng taong 2009 hanggang Marso 2010
- Alukin ang trabaho ng pagtatayo – Marso 2010 hanggang Hulyo 2010
- Konstruksyon – Hulyo 2010 hanggang Hulyo 2012
- Maghanda para sa Pananahanan – Hulyo 2012 hanggang Disyembre 2012
- Magbubukas ang Bilangguan ng Pamahalaang Lokal ng Seattle – Enero 2013